# Kung sakaling kayo ay nananalig kay Allāh nang totoong pananalig sa Kanya, talaga sanang tumustos Siya sa inyo kung paanong tumutustos Siya sa ibon: umaalis ito sa umaga na impis at bumabalik ito sa gabi na bundat."}

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kung sakaling kayo ay nananalig kay Allāh nang totoong pananalig sa Kanya, talaga sanang tumustos Siya sa inyo kung paanong tumututustos Siya sa ibon: umaalis ito sa umaga na impis at bumabalik ito sa gabi na bundat."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, Imām Ibnu Ḥibbān sa Ṣaḥīḥ nito, at Imām Al-Ḥākim]

Humihimok sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sumandal tayo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa paghatak ng mga kapakinabangan at sa pagtulak ng mga kapinsalaan kaugnay sa mga nauukol sa Mundo at Relihiyon sapagkat tunay na walang nagbibigay, walang nagkakait, walang nakapipinsala, at walang nagpapakinabang kundi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Hinihimok tayo na gawin natin ang mga kadahilanan na humahatak sa mga kapakinabangan at nagtutulak ng mga kapinsalaan kasabay ng katapatan ng pagsandal kay Allāh. Kaya kapag gumawa tayo niyon, magtutustos sa atin si Allāh gaya ng pagtustos Niya sa mga ibon na lumalabas sa umaga habang ang mga ito ay mga gutom pagkatapos umuuwi ang mga ito sa hapon habang ang mga ito ay mga napuno ang mga tiyan. Ang gawaing ito mula sa mga ibon ay isang uri ng mga kadahilanan sa pagpupunyagi sa paghahanap ng panustos nang walang pagsasalig-saligan at pagtatamad-tamaran.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee